



### **Mga Pagbabago sa serbisyo ng Brampton Transit bilang tugon sa COVID-19 simula sa Abril 4**

BRAMPTON, ON (Abril 2, 2020) – Bilang tugon sa COVID-19 at para matiyak na ligtas na pinaglilingkuran ng Brampton Transit ang komunidad nito, ang sumusunod na serbisyo ng bus sa weekend ay babaguhin hanggang sa karagdagang abiso, simula Abril 4.

Apektado ang mga ruta sa ibaba.

#### **Sabado:**

- 32 Father Tobin – kanselado ang serbisyo; magpapatuloy sa pag-operate sa Lunes-Biyernes
- 33 Peter Robertson – kanselado ang serbisyo; magpapatuloy sa pag-operate sa Lunes-Biyernes
- 56 Kingknoll – kanselado ang serbisyo; magpapatuloy sa pag-operate sa Lunes-Biyernes
- 52 McMurchy – binawasan ang dalas na magiging kada 50 minuto sa buong araw

#### **Linggo:**

- 32 Father Tobin - kanselado ang serbisyo; magpapatuloy sa pag-operate sa Lunes-Biyernes
- 56 Kingknoll - kanselado ang serbisyo; magpapatuloy sa pag-operate sa Lunes-Biyernes
- 52 McMurchy – binawasan ang dalas na magiging kada 50 minuto sa buong araw

Ang mga pagbabagong ito ay ipapatupad upang muling itataga ang karagdagang mga resource sa ilan sa mas abalang mga ruta ng Brampton Transit habang patuloy tayo sa paglilimita ng mga karga ng bus sa kalahating nakaupong pasilidad para suportahan ang mga gawain ng pisikal na pagdistansya.

Ang mas dinalasang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling may bisa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na ibabaw, mga compartment ng operator at mga upuan kada 48 oras. Ang mga bus ay kasalukuyang sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw. Hinihikayat ang mga sumasakay na magdala ng kanilang sariling personal na disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay.

Mahigpit na nakikipagtulungan ang Lungsod ng Brampton sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganib. Bisitahin ang [www.brampton.ca/covid19](http://www.brampton.ca/covid19) para sa regular na mga update at bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang @bramptontransit sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay pwedeng ipaabot sa Contact Center ng Brampton Transit sa 905-874-2999.



# BRAMPTON

## Service and Information Update

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

### KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)